



PATNUBAY SA HAJJ, UMRAH AT PAGDALAW SA MASJID NG PROPETA

Sallallahu Alaihi Wasallam

دليل الحاج والمعتمر
وذائر مسجد الرسول صلى الله عليه وسلم



1423 H

1423 H

السعر
١,٦٩ ريال

تقاليو

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبدية

PATNUBAY SA HAJJ, UMRAH
AT
PAGDALAW SA MASJID NG PROPETA
Sallallahu Alaihi Wasallam

Ipinalimbag at inilathala
ng
PANGULUHAN NG DARUL IFTA
Ahensiya sa paglimbag at pagsalin

RIYADH
KINGDOM OF SAUDI ARABIA
WAKF PARA KAY ALLAH

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

SA NGALAN NG ALLAH, ANG PINAKAMAHABAGIN ANG PINAKAMAAWAIN

NILALAMAN

Panimula	4
Mga Mahalagang Paalaala	7
Mga Paglabag na Nakasisira sa Pananampalataya ng Islam	14
Paano mo isagawa ang Hajj, Umrah at ang Pagdalaw sa Masjid ng Propeta (<i>Sallallahu Alaihi Wasallam</i>) ..	23
Ang Pagsasagawa ng Umrah	27
Ang Pagsasagawa ng Hajj	32
Ang Kinakailangan Habang nasa Kalagayan ng Ihram	40
Ang Pagdalaw sa Masjid ng Propeta (<i>Sallallahu Alaihi Wasallam</i>) ..	45
Mga Pagkakamali na Kalimitang Ginawa ng mga Peregrino	52

Mga Maikling Paalaala para sa Nagsasagawa ng Hajj, Umrah at Dumadalaw sa Masjid ng Propeta (<i>Sallallahu Alaihi Wasallam</i>) ..	70
Mga panalangin na maaaring ipanalangin sa arafah, sa mga banal na lugar, at iba pang lugar na panalanginan.	87

PANIMULA

Mahal naming mga kapatid na Peregrino :

السلام عليكم ورحمة الله وبركاته

Assalamu alaikum wa rahmatullahi wa barakatuh

Binabati namin kayo sa malugod ninyong pagdating dito sa mga banal na Himpilan, dito sa Sagradong paglalakbay bilang mga Panauhin ng Allah ang Pinakamahabagin.

Itong maikli ngunit mahahalagang patnubay ay inilahad sa inyo upang ilarawan ang mga tungkuling-ritwal ng Hajj at Umrah, ito ay nagsisimula sa ilang mga mahalagang paalaala, una sa lahat para sa ating mga sari-li, at pagkatapos noon ay ipinagkaloob sa inyo na sumasang-ayon sa sinasabi ng Allah

ang Pinakamataas tungkol sa paglarawan sa Kanyang mga Alipin na tatanggap ng kanyang kaligtasan at tagumpay sa daigdig na ito at sa kabilang buhay.

(Kanilang ipinapayo sa isat-isa ang katotohanan at ipinapayo sa isat-isa ang pagtitiis)
(Koran: 103:3)

﴿وتواصوا بالحق وتواصوا بالصبر﴾ الممر : ٣

Ito ay upang lalong ipahayag sa kagalingan ng kanyang pananalita:(Dapat magtulungan kayo sa isat-isa sa kabutihan at takot kay Allah at huwag magtulungan sa kasalanan at kalabisan) (Koran: 5:2)

﴿وتعاونوا على البر والتقوى ولا تعاونوا على الإثم والعدوان﴾

المائدة : ٢

Hinihiling namin sa inyo na basahin ang Libritong ito bago simulan ang mga Tungkulin ng Hajj upang maisagawa ninyo ang kautosan na ito na kayo ay mahirati kung ano

ang dapat ninyong gawin. Matatagpuan ninyo dito ang mga kasagutan sa marami ninyong katanungan at umaasa kami na pag-iingatan ninyo ito bilang sanggunian para sa taong ito, at maaari din sa mga susunod na taon kung kagustohan ng Allah na makabalik pa kayong muli para sa Hajj. Hinihiling namin sa inyo na ibahagi ang Libritong ito sa iba ninyong mga kapatid na Muslim upang sila rin ay makinabang mula sa pagbasa ng nilalaman nito. Hinihiling namin kay Allah na tanggapin mula sa ating lahat ang ating Hajj, ang ating pagsisikap at ang ating mabubuting gawa.

و السلام عليكم ورحمة الله وبركاته

Wasslamu alaikom warahmatullahi wabarakatuh

***Abdul-Aziz bin Abdullah bin Baz
Pangulo ng Darul Ifta***

MGA MAHALAGANG PAALAALA

Mahal na mga peregrino, pinupuri namin ng Allah dahil sa Kanyang pag-akay sa inyo upang maka pagsagawa ng Hajj dito sa Kanyang tahanan at makadalaw sa Kanyang mga banal na Himpilan, sana ay tanggapin mula sa ating lahat ang ating mabubuting gawa at dagdagan ang Kanyang mga gantimpala para sa amin at sa inyo.

Ang mga sumusunod na paalaala ay inlahad sa inyo upang sa gayon ay tanggapin ng Allah ang ating Hajj.

1. Alalahanin ninyo na kayo ay nasa Sagradong paglalakbay at pangingibang pook tungo kay Allah at ito ay batay sa paniniwala sa Kanyang kaisahan (Attawheed) at katapatan tungo sa Kanya, sa pagtugon sa Kanyang panawagan, at sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan, wala ng iba na masmalaking gantimpala maliban sa gantimpala ng Hajj na

siyang katanggap-tanggap ng Allah ang Pinakamataas, ang gantimpala ay hardin ng Paraiso.

2. Maging alisto kayo laban sa mga kapaluan ni Satanas na naghahangad na lumikha ng hidwaan sa inyo, magmahalan sa isat isa bilang magkakapatid, at iwasan ang pakikipagtalo at paglabag sa mga kautusan ng Allah. Alamin na, ang Propeta (*Sallallahu alaihi wasallam*) ay nagsabi: (Walang ganap na may pananampalataya ang isa man sa inyo hanggat hindi niya mahalín para sa kanyang kapatid na Muslim ang mga bagay na gusto niya para sa kanyang sarili)

﴿ لا يؤمن أحدكم حتى يحب لأخيه ما يحب لنفسه ﴾

3. Sa tuwing kayo ay may mga katanungan tungkol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa relihiyon o may kinalaman sa Hajj ay dapat kayong magtanong sa mga

pantas na Muslim upang malaman ninyo ang nakalulugod na mga kasagutan, sang-ayon sa Sinabi ng Allah: (Dapat magtanong kayo sa mga nakakaalam ng aral kung hindi ninyo ito alam) (Koran: 16:43 / 21:7)

﴿فاسألوا أهل الذكر إن كنتم لاتعلمون﴾ لنحل: ٤٣: والأنبياء: ٧:

Ito rin ay naayon sa sinabi ng Propeta (*Sallallahu alaihi wasallam*): (Kapag ang Allah ay naghahangad ng kabutihan sa isang tao ay binibigyan Niya siya ng kaalaman sa relehiyon)

«من يرد الله به خيراً يفقهه في الدين»

4.Dapat ninyong malaman na ang Allah ang siyang nag-utos sa atin upang gawin ang mga kinakailang gawin (Fardh) at ang ibang gawin ay hindi obligado (Sunnah) at hindiatangapin ng Allah ang gawaing Sunnah kung ito ay salungat sa Fardh. At ito ay

binabalewala ng ilang mga Peregrino at tuloy kanilang nasasaktan ang kapuwa nilang Muslim para humalik lamang sa Itim na Bato (Hajarat aswad) o kung sila ay lumalakad ng mabilis sa pag-ikot sa K'abah, kung sila ay nagsasagawa ng Salah sa likuran ng Puwesto ni Ibrahim (Makamu ibrahim) o sila ay umii-nom sa tubig ng Zamzam. At ito ay mga halimbawa lamang.

Ang mga nababanggit ay parang mga Sunnah lamang - hindi obligado- at kung masasaktan mo ang kapuwa mong Muslim ay malubhang ipinagbabawal (Haram) at papaano natin gagawin ang mga malubhang ipinagbabawal kung Sunnah lamang ang ginagawa natin?

Kaya iwasan ninyong magkasaktan, at pagkakalooban kayo ng Allah ng kanyang awa at dadagdagan Niya ang inyong gantimpala.

Nais rin naming bigyang-diin ang mga sumusunod:

a. Hindi karapat dapat na ang mga lalaking Muslim ay magsagawa ng Salah sa katabi o maging sa likuran ng mga babae sa Sagra-dong Masjid (Masjidilharam) o sa alin mang lugar kung kaya rin lamang na gawin nito. Ang mga babae ay dapat magsagawa ng Sa-lah sa likuran ng mga lalaki.

b. Ang mga pintuan at pasukan sa Sagra-dong Masjid ay para daanan lamang at hindi dapat hadlangan ng mga taong nagsasagawa ng Salah doon, kahit pa sa pagsali sa kongre-gasyong pagdarasal na kasalukuyang nagpapatuloy.

k. Hindi pinapahintulutan na hadlangan ang malayang daloy ng mga Peregrino sa pag-ikot sa K'abah sa pamamagitan ng pag-upo sa kalapit nito o pagsasagawa ng Salah sa kalapit nito o pagtayo malapit sa Itim na Bato (Hajarat aswad) o sa Hijr ni Ismail o sa puwesto ni Ibrahim, lalong lalo na kapag ang

lugar ay punong-puno ng tao dahil ito ay nagiging sanhi ng kapinsalaan sa ibang tao.

d. Ang paghalik sa Itim na bato ay Sunnah lamang at ang pagpapahalaga sa dangal ng isang Muslim ay kinakailangan (Fardh) at huwag sayangin ang Fardh para gumawa lamang ng isang Sunnah, kung maraming tao ay puwede kang sumenyas lamang sa pamamagitan ng pagkumpas sa Itim na Bato at sabihin ang "Allaho akbar " at ipagpatuloy mo na ang pag-iikot na kasama ang mga nag-iikot, at huwag mong putulin ang linya hanggang makalabas ka sa pag-ikot ng marahan at matahimik.

e.Hindi isang Sunnah ang paghalik sa "Ruknol yamani" ngunit hawakan lamang nito ng kanang kamay, kung hindi pinagsiksikan nito at sabihin ang "*Bismillahi wallahu akbar*" at kung mahirap itong hawakan ay magpatuloy ka na sa pag-iikot, at huwag

mo na ikumpas ang kamay mo dito o sabihin ang "*Bismillahi wallahu akbar*" sapagkat hindi ito iniulat mula sa Propeta (*Sallallahu alaihi wasallam*). Isang Mustahab (Mabuti) na bigkasin sa pagitan ng Ruknol yamani at Itim na Bato ang:

(Rabbana a'tina' fid-donya hasanatan wa fil-a'khirati hasanatan wakkina' az'abanna'r)

﴿ربنا آتنا في الدنيا حسنة وفي الآخرة حسنة وقنا عذاب النار﴾

Ang panghuli ay ipinapayo namin sa inyong lahat na dapat sundin ang Kor'an at Sunnah sa lahat ng inyong ginagawa. Sinabi ng Allah: (Dapat sundin ang Allah at ang Sugo upang kayo ay kahabagan). (Kor'an: 3:132).

﴿وأطيعوا الله والرسول لعلكم ترحمون﴾ آل عمران ١٣١

MGA PAGLABAG NA NAKASISIRA SA PANANAMPALATAYA NG ISLAM

Mga kapatid naming Muslim dapat nin-yong malaman na mayroong mga bagay na nagpapawalang-saysay sa inyong pananam-palataya sa Islam, Babanggitin namin dito ang sampu na madalas ay palaging nagaga-nap. Sana ay lagi ninyong isaisip ang mga bagay na ito.

UNA

Pag-uugnay ng katambal sa Allah (Shirk)
Ang Allah ang Pinakamataas ay nagsabi:
(Katotohanan, kung sinuman ang nag-uugnay ng katambal sa Allah siya ay pagba-bawalan ng Allah na makapasok sa hardin ng Paraiso, at ang kanyang patutunguhan ay ang Apoy; walang makatutulong sa mga maka-salanan) (Kor'an:5:72).

﴿إِنَّهُ مَنْ يَشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ﴾ المائدة: ٧٢

Ang pagtawag, paghingi ng tulong, o pag-aalay ng handog at pagsasakripisyo sa mga patay ay mga uri ng pagtambal (Shirk).

IKALAWA

Pagtatakda ng sinuman na maging tagapamagitan sa Allah, paggawa ng mga panalangin sa kanila, paghingi ng kanilang pamamagitan kay Allah, at pagbibigay ng tiwala sa kanila ay isang gawa ng kawalan ng pananampalataya (Kufr).

IKATLO

Sinuman na hindi nagtuturing na ang mga nagtatambal (Mushrikeen) ay mga hindi naniniwala, o mayroong alinlangan tungkol sa kanilang kawalan ng pananampalataya, o nagtuturing na ang kanilang landas ay tama, siya sa kanyang sarili ay isang walang paniniwala (Kafir).

IKAAPAT

Sinuman na naniniwala sa alin mang pamamatnubay ng mas higit na ganap sa pamamatnubay ng Propeta (*Sallallahu Alaihi Wasallam*), o mga kapasiyahan na higit na mabuti kaysa kapasiyahan ng Propeta (*Sallallahu Alaihi Wasallam*), sa pamamahala na lihis sa patakaran ng Islam (pamamahala ng mga Tawagit) bukod sa pamamahala ng Propeta (*Sallallahu Alaihi Wasallam*).

Ang ilan sa mga halimbawa nito ay:

a. Ang maniwala na ang mga pamamaraan o batas na gawa lamang ng tao ay mas mabuti pa kaysa mga Batas-Islamiko (Sharia Islamia), halimbawa:

- Na ang pamamaraang Islamiko ay hindi naangkop na gamitin sa ikadalawampong siglo.

- Na ang Islam ay sanhi sa pagiging huli

ng mga Muslim.

- Na ang Islam ay para lamang sa pansariling pakikipag-ugnayan ng Muslim kay Allah at walang kaugnayan sa ibang pamumuhay.

b. Ang pagsasabi na ang pagtupad sa mga alituntunin ng Allah tungkol sa pagputol sa kamay ng isang magnanakaw o ang pagbato sa isang nakikiapid na may asawa ay hindi naaangkop sa panahon na ito.

k. Ang maniwala na maaaring ipamahala ang mga patakarang bukod sa mga patakaran na ipinahayag ng Allah tungkol sa mga pakikipag-unawaang Islamiko, o sa mga paksa ng batas para sa pagpaparusa, o sa ibang kapakanan. Kahit hindi niya ito pinaniniwalaan na mas mabuti pa kaysa mga patakarang Islamiko (Shariah Islamia) dahil siya sa gayon ay nakapagpahintulot ng bagay na lubhang ipinagbawal ng Allah (Haram) ayon sa

pinagkaisahan ng mga Muslim, ang sinu-mang nakapagpahintulot ng bagay ng lub-hang ipinagbawal ng Allah sa pinakabatayan ng Islam, katulad ng pakikiapid, pag-inom ng alak, pagtutubo na lihis sa batas ng Islam (usura) at ang pamamahala maliban sa kapa-mahalaan na inihayag ng Allah ay nagiging Kafir, ayon sa pinagkaisahan ng mga Muslim.

IKALIMA

Sinuman na napopoot sa alin mang bahagi na inihayag ng Sugo ng Allah (*Sallallahu Alaihi Wasallam*) dahil sa kanyang pagiging Batas Islamiko ay nagpapawalang saysay sa kanyang pananampalataya sa Islam, kahit na ginawa niya nito. Ang Allah ang Pinakama-taas, ay nagsabi:(Dahil hindi nila nagustuhan ang inihayag ng Allah, ay pinawalan ng say-say ang kanilang mga gawa) (Kor'an:47:9)

﴿ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا مَا أُنْزِلَ اللَّهُ فَأُحْبِطَ أَعْمَالَهُمْ﴾ عَمَد : ٩

IKAANIM

Sinuman na umaalipusta sa anumang bagay na may kaugnayan sa relihiyon ng Propeta (*Sallallahu Alaihi Wasallam*), o may kaugnayan sa mga gantimpala o pagpaparusa ng Allah ay nagiging Kafir, sinabi ng Allah ang pinakamataas: (Ipagbadya mo, Ang Allah ba, ang Kanyang mga Kapahayagan, at ang Kanyang Sugo ang inyong inaaliposta ? Huwag na kayong magdahilan, katotohanan na kayo ay naging Kafir sa pagkatapos na kayo ay nananampalataya) (Kor'an:9:65)

﴿قل أبا لله وآياته ورسوله كنتم تستهزئون لا تعتذروا قد كفرتم بعد إيمانكم﴾ التوبة : ٦٥

IKAPITO

Ang pagsasagawa ng salamangka, kabilang na rito ang paglikha ng hidwaan sa

pagitan ng mag-asawa upang mapalitan ang kanyang pagmamahal ng pagkapoot, o ang pagtukso sa isang tao upang ipagawa sa kanya ang bagay na hindi niya nagugustuhan sa pamamagitan ng salamangka (mga pamamaraan ng demonyo). Sinuman na gumawa ng mga ganitong bagay o nasisiyahan sa mga bagay na ito ay naging Kafir. Ang Allah ang Pinakamataas ay nagsabi:(Ang dalawang anghel ay hindi nagturo sa sinuman ng salamangka ng hindi sila binalaan katunayan, sila ay nagsabi muna na kami ay bilang mga pagsubok; kaya huwag kayong mawalan ng paniniwala) (Kor'an:2:102).

﴿وما يعلمان من أحد حتى يقولوا إنما نحن فتنه فلا تكفر﴾

البقرة: ١٠٢

IKAWALO

Ang pagtataguyod at pagtulong sa mga nagtatambal kay Allah (Mushrikeen) laban

sa mga Muslim, sinabi ng Allah ang Pinakamataas: (Ang sinuman sa inyo na nagtataguyod sa kanila ay naging kasama nila, Ang Allah ay hindi pumapatnubay sa mga taong nagmamalabis). (Kor'an: 5:51)

﴿ومن يتولهم منكم فإنه منهم إن الله لا يهدي القوم الظالمين﴾
المائدة : ٥١

IKASIYAM

Sinuman na naniniwala na ang ibang mga tao ay mapapayagang lumihis sa mga patakarang pambatas ni Porpetang Muhammad (*Sallallahu Alaihi Wasallam*) ay isang Kafir (walang pananampalataya) batay sa sinabi ng Allah: (Sinuman ang magnais ng ibang relihiyon maliban sa Islam, kailanman hindi ito tatanggapin sa kanya at siya sa kabilang buhay ay makakasama sa mga taong nalugi). (Kor'an: 3:85)

﴿ومن يتبع غير الاسلام ديناً فلن يقبل منه وهو في الآخرة من
الخاسرين﴾ آل عمران : ٨٥

IKASAMPU

Ang pagbaling ng tuluyan mula sa relihiyon ng Allah maging sa pag-aaral ng panuntunan nito o ang pagkilos ng ayon dito. Sinabi ng Allah, ang Pinakamataas: (Walang sinumang higit na nagkakamali bukod sa napaalalahanan ng mga kapahayagan mula sa kanyang Panginoon at lumihis mula rito., Katotohanang pagbabayaran namin ang sinumang nagkasala), (Kor'an: 32:22)

﴿ومن أظلم ممن ذكر بآيات ربه ثم أعرض عنها إنا من المجرمين
منتقمون﴾ السجدة : ٢٢

At siya rin ay nagsabi: (Sila na di naniniwala ay lumihis mula sa mga bagay na kung

alin pa man din sila ay binalaan). (Kor'an: 46:3)

﴿وَالَّذِينَ كَفَرُوا عَمَّا أُنذَرُوا مَعْرُضُونَ﴾ الأحقاف : ٣

Walang pagkakaiba maging ang ganitong mga paglabag ay ginawa bilang pagbibiro, kusang loob o dahil sa takot maliban lamang kung nagawa dahil sa pamimilit.

Humingi tayo ng kaligtasan sa Allah mula sa mga ganitong gawa na nararapat ang Kanyang galit at matinding kaparusahan.

PAANO MO ISAGAWA ANG MGA TUNGKULIN NG HAJJ AT UMRAH

Mahal naming kapatid na Muslim:

May tatlong paraan ng pagsasagawa ng Hajj:

- 1. Hajj attamattu**
- 2. Hajj al-kiran**
- 3. Hajj al-ifrad**

Ang Hajj Attamattu:

Ang ibig sabihin nito ay ang pagpasok sa kalagayan ng Ihram para magsagawa ng Umrah sa mga buwan ng Hajj (Ang buwan ng Sawal, Zul-kaidah, at ang unang sampong araw ng Zul-hijjah) pagkatapos niyang maisagawa ang Umrah at bumalik na sa kanyang pangkaraniwang kalagayan. Siya ay dapat magsuot muli ng Ihram habang nasa Makkah o sa lugar na malapit sa Makkah sa Ikawalo ng araw ng Zul-hijjah (Sinasabing araw ng Tarwiyah) sa taon ng kanyang pagsasagawa ng Umrah.

Ang Hajj Al-kiran

Ito ay nangangahulugan na ang pagpasok

sa kalagayan ng Ihram upang isagawa ang Umrah at Hajj ng sabay at hindi maaaring lumabas sa kalagayan ng Ihram hanggang sa Araw ng Pagsasakripisyo (Ang ikasampo ng Zul-hijjah). Kung hindi naman ay maaari siyang pumasok sa kalagayan ng Ihram para sa Umrah, pagkatapos bago siya magsagawa ng pag-ikot sa Ka'bah (Tawaf) ay dapat niyang isaloob ang kanyang hangarin na pagsasagawa din ng Hajj.

Ang Hajj Al-ifrad

Ito ay nangangahulugan ng pagpasok sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj mula sa itinakdang Himpilan ng Ihram (Mikat) o mula sa Makkah kung siya ay naninirahan doon, o mula sa lugar na nasa pagitan ng Makkah at Mikat, sa pangyayari na siya ay nagdala ng hayop na isasakripisyo, At kailangan manatili siya sa kalagayan ng Ihram hanggang sa araw ng pagsasakripisyo. Kung siya ay hindi

nagdala ng hayop na isasakripisyo ay dapat lumabas sa kalagayan ng Ihram sa pagkatapos niyang maisagawa ang Umrah. (Ang ibig sabihin nito ay pagkatapos ng pag-ikot sa Ka'bah Tawaf, paglalakad sa pagitan ng Safa at Marwa (Sa'ey) at pagputol ng kaunti sa kanyang buhok, ay magtanggap na ng Ihram at bumalik sa kanyang pangkaraniwang kalagayan). Ganito ang ini-utos ng Propeta (*Sallallahu alaihi wasallam*) sa mga taong pumasok sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj na hindi nagdala ng hayop na isasakripisyo; Sila sa pagkatapos nito ay dapat muling pumasok sa kalagayan ng Ihram sa ikawalo ng Zul-Hijjah.

Ang ganitong pamamaraan ay kahalintulad din ng taong nagsasagawa ng Hajj Al-kiran, kung siya ay hindi nagdala ng hayop na isasakripisyo; kinakailangan na magtanggap siya ng Ihram pagkatapos niyang maisagawa ang Umrah, kagaya ng nababanggit sa itaas.

ANG PAGSASAGAWA NG UMRAH:

1. Pagdating mo sa Mikat ay magligo ka at magpabango kung maaari, pagkatapos ay magsuot ka ng Ihram Izar at Rida, at ang mabuti kung maging dalawang puti, Ito ay para sa mga lalaki lamang, Samantala ang mga babae ay magligo rin ngunit hindi magpabango at magmeykap, at puweding magsuot ng anumang kanyang maibigan na damit, kung hindi makakaakit sa kanyang kagandahan at makakatakip sa kanyang buong katawan, maliban lamang sa kanyang dalawang kamay at mukha,ngunit kung siya ay nasa harapan ng mga lalaking banyaga sa kanya ay dapat niyang talukbongan ang kanyang mukha. Pagkatapos noon ay hangarin mong magsagawa ng Umrah at sabihin ang: Labbayka Umrah:

"Labbayka-llahumma labbayk.

Labbayka la shareeka laka labbayk.

Innal-hamda Wanni-imata laka, wal-mulk

La,Shareeka lak".

«ليک اللهم ليک لا شریک لك لیك إن الحمد
والنعمه لك والملك لا شریک لك»

Dapat palakasin nito ng mga lalaki at hindi palakasin ng mga babae, lagi mong paramihin ang pagbibigkas ng Talbiyya, ang pagpupuri kay Allah, ang paghihingi sa kanyang mga kapatawaran, ang pagsasagawa ng anumang mabuti at pagsuway ng anumang masama.

2. Pagdating mo sa Makkah ay dapat mag-ikot ka sa Ka'bah ng pitong Tawaf magsimula ka sa Itim na bato (Hajaral aswad) at doon ka rin magtapos, Lagi mong binibigkas ang Allahu akbar sa bawat ikot, pinupuri mo ng Allah at mananalangin sa Kanya ng anumang ibig mong pagpupuri at pananalangin, Higit na mabuti kung magwakas ang bawat ikot sa salitang nito:

**"Rabbana A'tina' fid-dunya Hasanatan,
Wafi-lakhirati Hasanatan Wakina Aza'ban-
nar".**

﴿ربنا آتنا في الدنيا حسنة وفي الآخرة حسنة وقنا عذاب النار﴾

**"O Allah! Bigyan Mo kami ng kabutihan
dito sa buong mundo, at kabutihan sa kabi-
lang buhay , at iligtas Mo kami sa kaparusa-
han ng apoy"**

**Pagkatapos ng pitong Tawaf ay magsa-
gawa ka ng dalawang rak'at na Salah sa liku-
ran ng puwesto ni Ibrahim (Makamu Ibra-
him), kahit malalyo pa dito kung maaari,
kung hindi naman ay kahit saan mang lugar
sa loob ng sagradong Masjid.**

**3. Pagkatapos noon ay lumabas ka sa Sa-
fah at umakyat ka doon, lagi kang nakaharap
sa Ka'bah, purihin mo ng Allah at dakilain sa
pamamagitan ng salitang "Allahu akbar" ng
tatlong beses, inanalangin ka sa Kanya na**

itinataas ang iyong mga palad, uulitin mong panalangin mo ng tatlong beses, Ito ay Sunnah- ginawa ng Propeta- pagkatapos ay bigkasin mo ito ng tatlong beses:

"La' ila'ha illallahu-wahdahu

La' sharika lah,

Lahul-mulku Walahul-hamd,

Wa huwa ala' kulli shay-in Kadir"

"La' ila'ha illallahu-wahdah

Anjaza wa-a'dah

Wa nasara a'bdah

Wa hazamal-ahzaba wahdah"

«لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على

كل شيء قدير»

«لا إله إلا الله وحده، أنجز وعده ونصر عبده وهزم الأحزاب

وحده.»

Ngunit kung binibigkas mo lang ito ng dalawang beses o isang beses ay walang kamalian.

Pagkatapos noon ay bumaba ka at magsagawa ng Sa'y para sa Umrah ng pitong beses, Dapat mong bilisan ang paglakad sa pagitan ng dalawang berdeng haligi, at maglakad ka ng karaniwang paglakad sa unahan at hulihan nito. Pagkatapos ay umakyat ka sa Marwah at purihin ng Allah, isagawa ang kahalintulad ng ginawa mo sa Safa, at uulitin mo ng tatlong beses kung maaari.

Walang obligasyon na tiyak na balangkas ng pananalangin para sa Tawaf at Sa'ey, ngunit ang nagsasagawa ng Tawaf at Sa'ey ay maaaring magsagawa ng anumang kanyang maibigan na pagpupuri at pananalangin o pagbasa ng Koran, subalit iniingatan lang ang pagpupuri at pananalangin na isinagawa ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*).

4. Kapag buong-buo na ang pagsagawa mo ng Sa'ey ay dapat magpapakalbo ka o magputol ng buhok, At sang-ayon ay ganap na ang iyong Umrah at pinapahintulutan na

sa iyo ng paggawa sa mga bagay na ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram.

Kung ikaw ay nagsasagawa ng Hajj Attamattu ay kailangan maghandog ka ng isang Kambing, o makihati ng isang Kamelyo, o isang Baka sa pitong peregrino sa araw ng pagsasakripisyo, kung hindi mo kaya ang paghandog ay kailangan mag-ayono ka ng sampong araw, tatlong araw habang sa panahon ng Hajj, at pitong araw sa pagkatapos ng pagbalik mo sa iyong tahanan.

Higit na mabuti kung mag-ayono ka ng tatlong araw bago sumapit ang araw ng Arafa - Ang ikasiyam ng Zul-hijjah - kung ikaw ay nagsasagawa ng Hajj Attamattu o Hajj Al-kiran.

ANG PAGSASAGAWA NG HAJJ:

1. Kung ikaw ay nagsasagawa ng Hajj Al-ifrad o Hajj Al-kiran ay dapat pumasok ka sa

kalagayan ng Ihram mula sa Mikat na daraan mo patungo sa Makkah, kung wala kang madaanan na Mikat ay dapat magsimula ka sa iyong tinitirahan. Kung ikaw naman ay nagsasagawa ng Hajj Attamattu ay dapat pumasok ka sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj mula sa iyong tinitirahan doon sa Makkah sa araw ng Tarwiya, Ang Ikawalo ng Zulhijjah. Dapat magligo ka at magpabango kung maaari, pagkatapos ay magsuot ka ng Ihram at harangin mong magsagawa ng Hajj at sabihin ang: *Labbayka hajjan*.

"Labbayka-llahumma labbayk.

Labbayka la shareeka laka labbayk.

Innal-hamda Wanni-imata laka,

Wal-mulku Lashareeka lak".

«لبيك اللهم لبيك لبيك لا شريك لك لبيك إن الحمد
والنعمه لك والملك لا شريك لك»

2.Pagkatapos noon ay lumabas ka patungo

sa Mina, at magsagawa ka doon ng mga Salah na ito, Zuhr, Ashr, Maghrib, Isha, at Fajr sa mga wasto niyang oras, Ang mga Salah na apat raka't ay isagawa ng dalawang raka't lamang (kashr) na hindi sabay sa isang oras.

3. kapag sumikat na ang araw sa Ikasiyam ng Zul-hijjah ay pumunta ka sa Arafa ng mahinahon, at iniwasan mong masaktan ang mga kapuwa mong Peregrino, isagawa mo doon ang Salah ng Zuhr at Ashr na pinaiksi at pinagsabay sa oras ng Zuhr, isa lang ang Azan at dalawang Ikamah.

Dapat sigurohin mo na ikaw ay nakapasok sa loob ng hangganan ng Arafa, magsagawa ka doon ng maraming pagpupuri at pananalangin na ikaw ay nakaharap sa Khiblah, itinataas ang iyong mga kamay, kagaya ng ginawa ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*). Ang buong kapatagan ng Arafah ay himpilan na maaaring pamalagian. Kailangan manatili ka sa loob ng Arafah

hanggang lumubog ang araw.

4. Kapag lumubog na ang araw ay pumunta ka sa Muzdalifa ng mahinahon at pinagpipitagon, Lagi mong binibigkas ang (Talbiyya) iniwasan ng masaktan ang mga kapatid mong Muslim. Pagdating mo sa Muzdalifa magsagawa ka ng Salah ng Maghrib at I'sha na pinagsabay at pinaiksi. Dapat manatili ka dito hanggang makapagsagawa ng Salah ng Fajr at ang liwanag ng umaga ay lumaganap. At magsagawa ka ng maraming pagpupuri at pananalangin sa pagkatapos mong maisagawa ng Salah ng Fajr, na ikaw ay nakaharap ng K'iblah at itinataas ang iyong mga kamay kahalintulad ng ginawa ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*).

5. Pagkatapos noon ay pumunta ka sa Mina bago sumikat ang araw, na lagi mong binibigkas ang Talbiyyah, kung mayroon kang dahilan katulad ng mga babae at

mahihina ay walang kamalian kung magpunta ka doon sa pagkahating gabi, at magdala ka ng pitong maliliit na bato upang ipukol sa Jamratul A'ka'bah, samantala ang ibang maliliit na bato ay maaaring pulutin sa Mina, gayon din ang pitong bato na ipupukol mo sa Jamratul Aka'bah sa araw ng E'yid ay walang pagkakamali kung pulutin mo sa Mina.

6. Pagdating mo sa Mina ay sundin ang mga sumusunod:

a. Magpukol ka sa Jamratul aka'bah ang pinaka malapit na haligi sa Makkah ng pitong maliliit na bato na isa-isa at lagi mong binibigkas ang Allahu akbar sa bawat isang pagpukol.

b.Sa araw na iyon ay dapat patayin mo ang isasakripisyo mong hayop, kung kayo ay nangangailangan ng sakripisyo at kumain ka sa karne nito, at ipakain ng karamihan sa mga mahihirap.

k. Magpapakalbo ka, o magputol sa iyong buhok, ngunit ang magpapakalbo ay mas mabuti sa lalaki, samantala ang babae ay magputol lamang ng kaunti sa kanyang buhok.

Ang ganitong pagkakasunod-sunod ay higit na mabuti, ngunit kung ginawa sa ibang pamamaraan ay walang pagkakamali.

Pagkatapos mong magpukol at nakapagpakalbo, o nakapagputol ng buhok ay maaari ka ng bumalik sa pangkaraniwang kalagayan (Tahallul Awwal) at magsuot ng iyong damit. At pinapahintulutan na sa iyo ang mga ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram maliban lamang sa pakikipagtalik.

7. Pagkatapos noon ay pumunta ka sa Makkah, at magsagawa ng Tawaf al-ifadha (Ang Tawaf na pinakadiwang bahagi ng Hajj) At pagkatapos ay dapat magsagawa ka ng Sa'ey kung ikaw ay nagsasagawa ng Hajj Attamattu. Kung ikaw naman ay nagsasagawa ng Hajj Al-kiran o Hajj Al-ifrad at

hindi ka nakapagsagawa ng Sa'ey sabay sa pagsagawa mo ng Tawaf ng pagdating (Tawaf Al-kudom) ay dapat magsagawa ka ng Sa'ey ngayon, pagkatapos nito ay pinapahintulutan na sa iyo ang pakikipagtalik at pagbalik sa buong karaniwang kalagayan.

Maaaring ipagpaliban ang pagsasagawa ng Tawaf Al-ifadha hanggang sa pagkatapos ng mga araw sa Mina, at pagkatapos ng pagpukol sa mga haligi at ikaw ay nakapunta rin sa Makkah.

8. Pagkatapos ng Tawaf Al-ifadha sa araw ng pagsasakripisyo ay dapat bumalik ka sa Mina at manatili ka doon sa gabi ng Labing-isa, Labing dalawa, Labing tatlo. (Ang sina-sabing Ayyamutashreek) ngunit kung manatili ka ng dalawang gabi lamang ay puwedi rin.

9. Magpukol ka sa tatlong haligi sa pagkahapon ng dalawang araw o tatlong araw ng

panananatili mo sa Mina. Magsimula ka sa unang haligi, Ito ang pinakamalayo na haligi sa Makkah, pagkatapos, isunod ang haliging nasa gitna at pagkatapos isunod ang haliging Akabah (Jamratul akabah). Sa bawat isang haligi ay pitong maliliit na bato ang dapat ipukol na isa-sa, lagi mong binibigkas ang Al-lahu akbar sa bawat isang pagpukol.

Kung ikaw ay manatili lamang sa loob ng dalawang araw ay dapat umalis ka mula sa Mina bagong lumubog ang araw sa Ikadalawang araw, kapag lumubog ang araw ng bago kang umalis mula dito ay kailangan manatili ka sa Ikatatlong gabi, at magpukol ka muli sa araw na ito, ngunit ang mabuti kung manatili ka sa Ikatatlong gabi.

Ang may karamdaman at mahihina ay pinapahintulutan na maghirang ng kahalili sa pagpukol, at ang kahalili ay maaaring magpukol muna para sa kanyang sarili, at pagkatapos ay magpukol din para sa kapakanan ng kanyang hinirang sa bawat isang haligi.

10. Kung nais mong umuwi sa iyong tahanan sa pagkatapos mong maisagawa ang mga tungkulin ng Hajj ay dapat magsagawa ka ng Tawaf ng pamamaalam (Tawf Al-wida) sa Ka'bah bago kang umalis, at walang mata-tawadan nito maliban lamang sa mga babaing nireregla o nanganganak.

ANG KINAKAILANGAN HABANG NASA KALAGAYAN NG IHRAM

Habang nasa kalagayan ng Ihram para sa Hajj at Umrah ay kinakailangan ang mga sumusunod:

1. Ang tapat na pagsunod sa mga kautosan ng Allah tungkol sa mga tungkulin ng releyhiyon, katulad ng pagsasagawa ng Salah sa mga wasto niyang oras sa pamamagitan ng kongregasyong pagdarasal.

2. Ang paglihis sa mga ipinagbabawal ng Allah tungkol sa mga salitang kalaswaan, at pagkakamali, pagtatalo, at pagmamalabis.

3. Ang pag-iwas ng kapinsalaan sa mga Muslim sa pamamagitan ng salita o gawa.

4. Ang pagtigil sa mga ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram katulad ng mga sumusunod:

a. Hindi maaaring bumunot sa kanyang buhok o magputol sa kanyang kuko habang nasa kalagayan ng Ihram, subalit kapag may nabali na hindi sinasadya ay walang pagkakamali.

b. Huwag maggamit ng pabango sa kanyang katawan, o damit, kainin o inumin, ngunit walang kamalian kung may bisang naiwan sa ginamit niyang pabango bago siyang magsuot ng Ihram.

k. Hindi maaaring pumatay ng hayop, o takutin niya, o tumulong sa paghuli sa kanya habang siya ay nasa kalagayan ng Ihram.

d. Ang sinumang nasa kalagayan ng Ihram, o nasa karaniwang kalagayan ay hindi maaaring pumutol ng kahoy at halaman sa loob ng banal na lugar (Al-haram), At hindi pinapahintulutang pumulot sa mga bagay an naiwan, maliban lamang kung ipakilala ng sinumang may-ari, dahil ito ay ipinagbabawal ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*).

e. Hindi maaaring mag-alok sa mga babae o magpakasal sa kanila, alinman sa kanyang sarili o sa ibang tao, at hindi pinapahintulutan ng makipagtalik o makipaghalik habang nasa kalagayan ng Ihram. Ang ganitong mga ipinagbabawal ay pantay sa lalaki at babae.

Ang higit sa lahat:

a. Hindi maaaring talukbongan ng lalaki ang kanyang ulo ng anumang bagay na nakakatakip, ngunit ang lilim ng payong o ang bubong ng sasakyan o ang pagsunong ng anumang bagay sa ulo ay walang kamalian.

b. Ang lalaki ay hindi puweding magsuot ng kamesita o anumang bagay na tinahi katu-lad ng mga Burnoose, Turbante, Pantalon, at khuff, ngunit kung wala siyang izar ay puweding magsuot ng pantalon, at kung wala siyang Sandalyas o Tsinelas ay puweding magsuot ng khuff, at walang pagkakamali.

k. Ipinagbabawal sa babae ang magsuot ng Guwantes sa kanyang mga kamay, o mag-talukbong sa kanyang mukha ng pandong habang siya ay nasa kalagayan ng Ihram, ngunit kung siya ay nasa harapan ng mga lalaking banyaga sa kanya ay dapat niyang

talukbongan ang kanyang mukha ng pandong o anumang bagay ng nakakahalintulad, at gayon din kung siya ay nasa karaniwang kalagayan.

d. Kung mangyari na ang taong nasakalagayan ng Ihram ay nakasuot ng tinahi na damit, o natalukbongan niya ang kanyang ulo, o nakapagpabango, o nakabunot sa kanyang buhok, o nakaputo sa kanyang kuko, dahil sa pagkalimot o hindi niya batid ang patakaran ay wala siyang kabayaran (Fidyah), subalit dapat niyang tigilan ang paggawa sa mga bagay na ito, kapag natatandaan niya o naaala-ala niya na lahat ito ay pawang mga pagkakamali.

e. maaaring magsuot ng Sandalyas, Sing-sing, Salamin, Hearing aid, Relos, Sinturon at Santas na pagtataguan ng salapi at mga mahahalagang dokumento.

ANG PAGDALAW SA MASJID NG PROPETA

(Sallallahu Alihi Wasallam)

1) Ang pagpunta sa bayan ng Madinah ng alin mang oras ng may paghahangad na dumalaw sa Masjid ng propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay isang Sunnah, gayon din ang pagsasagawa ng Salah dito. Sapagkat ang isang *Salah* na isinagawa dito ay higit na mabuti sa pagsasagawa ng isang libong *Salah* kahit saan mang lugar maliban lamang sa sagradong Masjid (Masjid Al-haram) sa Makkah.

2) Hindi kailangan magsuot ng Ihram o magsagawa ng Talbiyyah sa pagdalaw ng Masjid ng propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*). At ito ay walang kaugnayan sa kahit ano pa mang kadahilanan sa pagsasagawa ng Hajj.

3) Pagdating mo sa Masjid ng Propeta (Sallallahu Alaihi Wasallam) ay dapat una muna ang kanang paa sa pagpasok mo dito at banggitin mo ito.

"Bismillahi Wassalatu Wassalam Ala Rasulillah,

Auzu billahil-Azeem

Wa Wajhihil-kareem

Wasultanihi-lkadeem

Mina-shaytani-rrajeem,

Allahumma Iftah Li

Abwaba Rahmatik"

«أعوذ بالله العظيم ووجهه الكريم وسلطانه القديم من

الشیطان الرجیم اللهم افتح لی أبواب رحمتک»

Sa Ngalan ng Allah, ang kapayapaan at kaligtasan ay sa kanyang Propeta, Ako ay naghahangad ng kanlungan kay Allah, ang Pinakadakila at sa kanyang Maharlikang mukha at ang kanyang walang hanggang kapangyarihan mula kay satanas ang itinakwil.

O' Allah buksan mo sa akin ang mga pintuan ng iyong awa ".

Ito ang iniutos na dapat sambitin sa pagpasok ng kahit saan mang Masjid, kabilang na ang Masjid ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*).

4) Pagkatapos mong pumasok sa loob ng Masjid ay dapat magsagawa ng dalawang raka't na *Salah (Tahiyyatul Masjid)* kung puweding maisagawa mo sa Rawda ay mas mabuti kung hindi, ay kahit saan mang lugar sa loob ng Masjid.

5) Pagkatapos ng dalawang raka't ay pumunta ka sa puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) at tumayo ka sa harap niya, Lagi mo siyang hinaharap, sabihin ng may paggalang at malumanay na salita:

"Assalamu Alaika Ayyuha-nnabi Wa Rahmatu-llahi Wa Barakatuh".

"Sumainyo nawa ang kapayapaan O Propeta, At ang awa at biyaya ng Allah",

At manawagan para sa biyaya ng Allah para sa kanya. Wala ring kamalian kung idagdag na sambitin ang:

"Allahumma A'tihil-waseelah Wal-fadheelah Wab-as'hul-makhamal- mahmuda -llazi Wa- a'dtah"

"Allahumma Aj-zihi an Ummatihi Af-dhalal-jaza".

"O Panginoon, bigyan mo siya para sa kapakanan ng kanyang mga tauhan ng pinakamabuting gantimpala".

«السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته»
«اللهم آتِه الوسيلة والفضيلة وابعثه المقام المحمود الذي وعده»
«اللهم اجزه عن أمته أفضل الجزاء»

Pagkatapos noon ay dumako ka ng bahagya sa gawing kanan upang tumayo sa harap ng Puntod ni Abu Bakr (*kasiyahan sana siya ng Allah*), At batiin mo siya, at magsagawa ng taimtim na hinaing kay Allah para sa kanya, upang bigyan ng awa at kapatawadan.

Pagkatapos ulitin pang muli na dumako ng bahagya sa gawing kanan upang tumayo sa harap ng puntod ni Umar (*kasiyahan sana siya ng Allah*), At batiin siya, at magsagawa ng taimtim na hinaing kay Allah para sa kanya.

6) Isa ring Sunnah na magkaroon ng (Taharah) at dalawin ang Masjid ng kuba, at magsagawa ng *Salah* dito, sapagkat ang Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay ginawa niya at pinayuhan ang iba na gawin din ang ganoon.

7) Isang Sunnah na dalawin ang mga Puntod sa libingan ng Al-bakee, at ang Puntod ni

Uthman (*kasiyahan sana siya ng Allah*) at ang puntod ng mga Martir sa Uhod, at ang puntod ni Hamzah (*kasiyahan sana siya ng Allah*) upang batiin sila at magsagawa ng taimtim na hinaing para sa kanila, At ang propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay dating dumadalaw sa lahat ng mga Puntod na ito, at nagsawa ng hinaing para sa kaluluwa ng lahat ng mga nakalibing doon. At tinuruan niya ang kanyang mga kasama sa tuwing dadalaw sa mga libingan na sabihin ang:

"Assalamu Alaikum, Ahlad-diyar Minal-Mumineen Wal-Muslimeen Wa Inna insa- Al-lahu-bikum lahi- kun, Nas-alollaha Lana Walakum Al-afiyah".

Sa inyo nawa ang kapayapaan, O Mga nananahanan sa lugar na ito, mula sa Mga Naninwala at mga Muslim, Kami po ay susunod sa inyo, kung kami ay pinapahintulotan ng Allah (*Insha Allah*) hinihiling namin kay

Allah ang kapayapaan at kapatawadan para sa aming sarili at sa inyo.

«السلام عليكم أهل الديار من المؤمنين والمسلمين وإنا إن شاء الله بكم لاحقون نسأل الله لنا ولكم العافية» .

Walang ibang Masjid, o iba pang lugar na dapat dalawin sa Madinah, maliban sa mga nababangit, samakatwid huwag na ninyong pahirapan pa ang inyong sarili sa pagdalaw sa mga lugar na walang makakamit na gantimpala, at sa katotohanan ay maaari pang magkaroon ng kasalanan, sa paggawa nito, Ang Allah lamang ang pinagmumulan ng patnubay.

MGA PAGKAKAMALI NA KALIMITANG GINAWA NG MGA PEREGRINO

UNA

Mga pagkakamali na may kaugnayan sa Ihram.

Ang ilan sa mga Peregrino ay lumalampas sa itinakdang himpilan ng Ihram (mikat) tungo sa kanilang daanan ng hindi nakapasok sa kalagayan ng Ihram, nagpapatuloy hanggang sila ay makarating sa Jeddah, o sa iba pang lugar na saklaw ng mga himpilan ng Ihram (*Mikat*) at doon sila magsuot ng Ihram. Ito ay labag sa utos ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) na nakatada na bawat Peregrino ay dapat pumasok sa kalagayan ng Ihram mula sa Mikat na nasa dako ng kanyang daanan.

Kapag ito ay nangyari sa sinuman sa Peregrino, ay dapat bumalik siya doon sa Mikat

na nasa dako ng kanyang daanan, at siya ay kailangan pumasok sa kalagayan ng Ihram mula dito kung maaari. Kung hindi naman, ay kailangan siyang gumawa ng kabayaran sa pamamagitan ng pagsasakripisyo na papatayin niya dito sa Makkah, at ipagpakain niya lahat ng karne nito sa mga mahihirap.

Ito ay nauukol kung siya ay dumaraan sa himpilan ng Ihram (mikat) na maging sa himpapawid, karagatan o kalupaan.

IKALAWA

Mga pagkakamali na may kaugnayan sa Tawaf.

1) Ang pagsisimula ng pag-ikot (*Tawaf*) sa unahan ng Itim na bato (*Hajjaralaswad*) o sa ibang lugar na maliban sa kinatatayuan ng Itim na bato. Samantala ay isang obligasyon na simulan ang Tawaf mula sa Itim na bato.

2) Ang pagsasagawa ng pag-ikot (*Tawaf*) sa loob ng *Hijr ni Ismail* , ang ibig sabihin nito ay pag-iikot sa isang bahagi ng *Kabah*, kaya sa katotohanan ang *Hijr ni Ismail* ay isang bahagi lamang ng *Kabah*, at kung sa gayon ay nagigyng walang kabuluhan ng kanyang *Tawaf*.

3) Ang pagsasagawa ng "*Ramal*" (ang paglalakad ng mabilis at maliliit na hakbang) sa panahon na isinasagawa ang pitong pag-ikot (*Tawaf*) sapagkat ang "*Ramal*" ay dapat lamang gawin sa oras ng unang tatlong pag-ikot sa *Tawaf* ng pagdating (*Tawaf Alkudom*).

4) Ang masidhing pagsisikap na humalik sa Itim na bato, at paminsan ay magbangaan o magtutulakan ang mga tao, At ito ay hindi pinapahintulotan, dahil ang ganitong mga kilos ay nakakapinsala sa mga kapuwa mang Muslim, at ang pag-alit at paghampas sa

kapuwa mong Muslim ay hindi pinapahintu-lotan ng walang makata rungan.

Dapat malaman na kapag hindi ka nagha-lik sa Itim na bato ay hindi nakababawas sa kabuluhan ng *Tawaf*, kahit na pinakabahag-
yang antas nito, Ang *Tawaf* ay magiging ga-
nap na may bisa kahit wala pa ito. Kung ang
isang Peregrino ay hindi humalik o hindi na-
kahalik sa Itim na bato ay sapat na at madali
pong gawin, na isinyas lang ang kanang ka-
may at sabihin ang *Allahu akbar* الله اكبر kung
napatapat na dito, kahit pa siya ay malayo ng
pagitan nito.

5) Ang paghaplos ng kamay sa ibabaw ng
bato sa paghahangad ng biyaya (*Barakah*), sa
gayong paraan ay isang kabaguhan (*Bid'ah*)
na walang batayan sa *Islam*, Ang *Sunnah* la-
mang ay hawakan o halikan nito kung
maaari.

6) Ang paghawak at paghaplos sa apat na

sulok ng *Ka'bah* at marahil lahat ng dingding nito, subalit ang propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay hindi humawak sa alin mang bahagi ng *K'abah* maliban lamang sa Itim na bato at sa *Roknolyamani*.

7) Ang pagsasabi ng tiyak na balangkas ng pananalangin para sa bawat pag-ikot (*Tawaf*) dahil ang Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay hindi nagbanggit ng kahit anong panalangin maliban sa pagsasabi ng Allahu Akbar الله اكبر kapag narating niya ang Itim na bato (*Hajarat Aswad*) at sa dakong huli ng bawat pag-ikot na siya ay nasa pagitan ng Itim na bato at *Roknolyamani* ay bini-bigkas niya ang:

Rabbana, Atina fid- dunya hasanatan Wa-fil-akhirati Hasanatan Wakina Azaban-nar.

﴿ربنا آتنا في الدنيا حسنة وفي الآخرة حسنة وقنا عذاب النار﴾

Aming Panginoon, bigyan mo kami ng kabutihan sa mundong ito, at kabutihan sa kabilang buhay, at iligtas mo kami sa kaparusa-han ng Apoy.

8) Ang pagtataas ng boses na ginagawa ng ilang mga Peregrino sa pag-iikot, dahil ito ay nagdudulot sa pagkalito ng mga kapuwa nilang nananalangin.

9) Ang pakikipagsiksikan upang magsagawa ng *Salah* sa puwesto ni Ibrahim, ito ay taliwas sa Sunnah bukod sa pagiging nakakapinsala sa ibang nananalangin, sapat na sa kanya na makapagsagawa ng dalawang rak'at ng *Salah* sa pagkatapos na nabuo ang kanyang *Tawaf* kahit saan mang lugar sa loob ng Masjid.

IKATLO

Mga pagkakamali na may-kaugnayan sa Sa'ey:

1) Ang pag-akyat sa *Safa* at *Marwa* ng ilan sa mga Peregrino ng humaharap ng *Ka'bah* at ikinukumpas ang kanilang mga kamay habang sinasabi ang *Allahu Akbar* الله اكبر kahalintulad ng pagsasabi nila ng *Allahu akbar (Takhbir)* kung sila ay nagsasagawa ng *Salah*, Ang ganitong pagkumpas ay isang kamalian, dahil ang Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay itinaas lamang ang kanyang mga palad para sa paghihinaing, pinupuri niya ng Allah at dinadakila sa pamamagitan ng salitang *Allahu Akbar* الله اكبر, at namamanhik sa kanya ng anumang kanyang naibigan at siya ay nakaharap ng *Kiblah*. Higit na mabuti kung isagawa niya ang pamamanhik na isinagawa ng Propert (*Sallallahu Alihi Wasallam*) sa *Safa* at *Marwa*.

2) Ang pagmamadali ng pagsagawa ng *Sa'ey* sa pagitan ng *Safa* at *Marwa* sa lahat ng paglalakad, samantala ang *Sunnah* ay bilisan lamang ang paglalakad sa pagitan ng dalawang Berdeng Haligi, At maglakad ng karaniwang paglakad sa nalalabing daanan.

IKAAPAT

Mga pagkakamali na may-kaugnayan sa Arafah.

1) Ang ilan sa mga Peregrino ang nagkakampo sa labas ng hangganan ng Arafah at nananatili doon hanggang lumubog ang araw, pagkatapos sila ay umaalis patungo sa Muzdalifah ng hindi nakapanatili sa Arafah ng naaayong dapat gawin.

Ito ang isang pinakamalaking pagkakamali na siyang nagpapawalang bisa sa kanilang Hajj, Sapagkat ang pananatili sa Arafah ay ang pinakadiwa ng Hajj, Samantala ang kailangan sa kanila ay dapat manatili sa sakop

ng hangganan nito, hindi sa labas nito.

Kung hindi madaling gawin ang ganoon ay maaari silang pumasok bago lumubog ang araw at manatili doon hanggang lumubog ang araw, At maaari pang tanggapin sa kani-la kung pumasok sila dito sa gabi, lalo na sa gabi ng pagsasakripisyo.

2) Ang paglisan mula sa *Arafah* bago lumubog ang araw ay hindi pinapayagan dahil ang Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay nananatitili doon hanggang ang araw ay lumubog ng buong- bou.

3) Ang pakikipagsiksikan upang umakyat sa bundok ng *Arafah* ay hindi pinapahintulutan, sa kadahilanang ito ay nagbibigay ng maraming kapinsalaan sa iba, At ang buong kapatagan ng *Arafah* ay lugar na maaaring pamalagian o panatilihan, Samantala ang pag-akyat ng bundok *Arafah* at ang pagsasagawa ng *Salah* doon ay hindi ipinag-utos.

4) Ang pagharap ng ilang mga Peregrino sa bundok *Arafah* ng pananalangin o pamamanhik ay hindi wasto, dahil ang *Sunnah* ay humarap sa Kib'lah habang nananalangin o pamamanhik.

5) Ang pagtambak ng ilan sa kanila ng lupa o maliliit na bato sa araw ng *Arafah*, sa mga natatanging lugar ay walang saligan sa *Islam*.

IKALIMA

Mga pagkakamali na may-kaugnayan sa Muzdalifa.

Ang ilan sa mga Peregrino ay nag-iipon ng maliliit na bato sa unang pagdating nila sandali sa *Muzdalifah* bago pa sila makapagsagawa ng *Salah* ng *Maghrib* at *I'sha*, At iniisip nila na lahat ng maliliit na bato ay dapat damputin mula sa *Muzdalifah*. Samantala ang wastong paniniwala ay ang mga maliliit

na bato ay puweding damputin kahit saan mang lugar sa loob ng banal na lugar (*Alharam*).

IKAANIM

Mga pagkakamali na may-kaugnayan sa pagpupukl ng maliliit na bato.

1) Ang ilan sa mga Peregrino ng nag-aakala na kapag ipinukol nila ang maliliit na bato sa mga batong Haligi sila sa katotohanan ay nagpupukol ng mga demonyo, (*Shayateen*) kaya naman pinupukol nila iyon na may kasamang pagkapoot at lakas o puwersa, ngunit ang pagpukol ay hindi ipinagutos kundi lamang sa bilang panggunita ng Allah ang pinakamataas.

2) Ang ilan sa mga tao ay pumupukol ng malalaking bato, sapatos, kundi naman ay mga piraso ng kahoy, Ito ay kalabisan sa mga batayan ng relehiyon, na ipinagbabawal

ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*).

Ngunit ang ipinag-utos naman ay pumukol ng bato na kasing kalaki ng buto ng patani o sitaw.

3) Ang pakikipagsiksikan at pag-aawayan ng mga tao sa lugar ng mga Haliging bato (*Al-jamarat*) upang magpukol. Ang siyang ipinag-utos ng maging marahan at ipukol ang mga bato ng hindi nakakasakit ng kanino man at higit pa sa maaaring gawin.

4) Ang pagpukol ng mga bato ng sabayan sa isang pagpukol ay isang pagkakamali. Ang mga pantas ay nagsabi na ang ganitong gawa ay nabibilang lamang na isang pukol. Ang ipinag-utos ay ipukol ang mga bato isa-isa na sinasabi ang "Allahu akbar" sa bawat isang pagpukol.

5) Ang paghihirang ng kahalili upang ipukol ang mga bato dahil lamang sa pangamba

sa kakapalan ng tao o sa kahirapan, habang ang isa ay kayang gawin nito ng kanyang sarili. Ang may karamdaman lamang o mahihinang mga tao ang pinapahintulutan na magkaroon ng kahalili sa ganitong gawa.

IKAPITO

Mga pagkakamali na may kaugnayan sa Tawaf ng pamamaalam (*Tawaf Al-wida'*)

1) Ilang peregrino ang pumupunta sa Makkah mula sa Mina sa araw ng paglisan at bago nilang ipukol ang mga bato sa mga Haligi ay isinasagawa nila ang kanilang Tawaf ng pamamaalam (*Tawaf Al-wida*) pagkatapos bumabalik sila sa Mina upang ipukol ang mga bato sa mga Haligi, At pagkatapos ay lumalakbay na sila mula sa Mina tungo sa kani-kanilang mga bansa, kaya ang kanilang panghuling seremonya ay ang pagpupukol ng

bato sa mga Haligi, hindi ang Tawaf sa *Ka'bah*.

Talagang sinabi ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*): "Walang sinumang lilisan kundi ang kanyang panghuling seremonya ay ang Tawaf sa *Ka'bah*".

Ang Tawaf ng pamamaalam ay dapat isa-gawa niya sa pagkatapos niyang maisagawa ang lahat ng mga tungkuling-ritwal ng Hajj, at bago ng lumalakbay tungo sa kanyang tahanan, at pagkatapos hindi dapat manatili sa Makkah maliban lamang sa maiksing oras na kailangan niya upang maghanda sa paglisan.

2) Pagkatapos ng Tawaf ng pamamaalam, ilang mga tao ang lumalabas mula sa sagra-dong Masjid na sila ay lumalakad na nakaharap ng *Ka'bah*, sa pag-aakala nila na ito ay malaking paggalang sa *Ka'bah*.

Ang ganitong gawa ay isang kabaguhan sa rehiyon (*Bida'*) na walang saligan sa Islam.

3) Ang ilan sa mga tao ay humihinto sa pintuan ng sagradong Masjid sa pagkatapos na buuin ang Tawaf ng pamamaalam upang manalangin na sila ay parang nagpapaalam sa Ka'bah, Ito rin ay isang kabaguhan na hindi ipinagutos ng Islam.

IKAWALO

Mga pagkakamali na may kaugnayan sa pagdalaw sa Masjid ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*)

1) Ang paghaplos ng kamay sa mga dingding at mga rehas na bakal, pagtatali ng sinulid sa mga rehas, at iba pang mga gawa na ganitong uri habang bumibisita sa puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) upang magkamit ng biyaya (*Barakah*) ang ganitong mga gawa ay kabaguhan (*Bida'*) sapagkat

ang biyaya ay dumarating mula sa pagsusunod kung ano ang ipinag-utos ng Allah at ang kanyang Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*), Hindi mula sa pagsunod sa mga kabaguhan.

2) Ang pagpunta sa mga Yungib ng bundok Uhud o Yungib ng Hira at Thawr sa Makkah, At ang pagbitin ng mga pirasong damit o paggawa ng mga panalangin dito ay hindi ipinag-utos ng Allah, At lahat ito ay mga kabaguhan na walang saligan sa Islam.

3) Ang pagdalaw sa mga tiyak na lugar sa pag-aakala ang mga ito ay bumubuo ng banal na ala-ala ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) katulad halimbawa ang lugar na kung saan ay umupo ang kanyang kamelyo, ang Balon ni Uthman o Balon ng singsing, At pag-iipon ng lupa sa mga lugar na ito upang magkamit ng biyaya, Ang ganito ay lahat kabaguhan.

4) Ang pagtawag sa mga namamatay habang binibisita ang puntod sa libingan ng Bakkee' at sa mga puntod ng martir ng Uhod, at paghahagis ng Sinsilyo o Bariya dito, upang magkamit ng biyaya sa mga taong nakalibing at makalapit sa kanila, Ito ay isang malaking pagkakamali, at sa katotohanan ay pinakamalaking Shirk (Pag-uukol ng katambal Kay Allah) katulad ng nababanggit ng mga pantas, at ipinaliwanag ng Kora'n at Sunnah ng Proeta (*Sallallahu Alihi Wasalam*) Sapagkat ang pagsamba ay para Kay Allah lamang. Hindi pinapahintulot an na isagawa ang anumang uri na pagsamba kundi lamang Kay Allah, katulad ng paghihinaing pagsakripisyo, pagbigay ng panata o kahit anung uri na pagsamba. Ang Allah ay nagsabi: (Walang ipinag-utos sa kanila kundi Si Allah lamang ang dapat nilang sambahin, na sila ay nagdadalisay ng pananampalataya para sa Kanya lamang) (Kor'an: 98:5)

﴿وما أمروا إلا ليعبدوا الله مخلصين له الدين﴾ البينة : ٥

At Siya rin ay nagsabi: (Katotohanan, na ang mga Masjid ay para lamang pagsagawaan ng panalangin na para Kay Allah, kaya huwag kayong manalangin ng sino pa man bukod Kay Allah) (Kor'an: 72:18)

﴿وأن المساجد لله فلا تدعوا مع الله أحدا﴾ الجن : ١٨

Hilingin natin Kay Allah na paunlarin ang kalagayan ng mga Muslim at bigyan sila ng kaalaman sa rlihiyon at iligtas Niya tayo at sila sa mga kamalian at pagkalabis ng landas. Katotohanan na Siya ay nakaririnig at tumutugon.

**MGA MAIKLING PAALAALA PARA
SA NAGSASAGAWA NG HAJJ, UM-
RAH AT DUMADALAW SA MASJID
NG PROPETA**

(Sallallahu Alihi Wasallam).

Ang kinakailangan sa Peregrino:

**1) Pagsisihan ng tapat ang lahat ng kasal-
anan, at gumastos sa Hajj o Umrah mula sa
makatarungang kita.**

**2) Bantayan ang Dila mula sa pagsisinun-
gali, pagtsi-sismis at paninirang puri.**

**3) Dalisayin ang hangarin sa pagsasagawa
ng Hajj at Umrah na tanging para Kay Allah
lamang at sa huling araw.**

**4) Dapat pag-ralan niya kung ano ang
mga tungkuling-ritwal na ipinag-utos sa kan-
ya tungkol sa kanyang pagsasagawa ng Hajj**

at Umrah, at itatanung niya sa mga nakakaaalam kung anumang bagay na nalilito siya.

5) Kapag dumating ang Peregrino sa Mikat ay malayang pumili ng isa sa tatlong paraan ng Hajj, (Hajj Al-ifrad, Hajj Attamattu, Hajj Al-kiran), Ang Hajj Attamattu ay kaisa para sa taong hindi nagdala ng hayop na isasakripisyo, Samantala ang Hajj Al-kiran ay higit na mabuti para sa taong nagdala ng hayop na isasakripisyo.

6) Kung ang isang tao na pumapasok sa kalagayan ng Ihram ay nangangamba na baka hindi niya makaya buuin ang mga tungkuling-ritwal dahil sa karamdaman o takot, dapat niyang gawin ang kondisyon na ito: "Babalik ako sa karaniwang kalagayan kung saan man mo ako pinapahinto".

7) Ang Hajj ng mga bata ay may bisa ngunit hindi nito nagaganap ng kanilang

obligasyon para sa Hajj ng Islam.

8) Kapag nasa kalagayan ng Ihram ay pinapahintulutan ng pagligo o paghugas ng ulo o kamutin ito kung kailangan.

9) Ang babae ay maaari niyang talukbungan ang kanyang mukha ng belo, kung siya ay nangangamba na ang mga lalaki ay nakatingin sa kanya.

10) Marami sa mga kababaihan ang nagsusuot ng pamigkis ulo sa ilalim ng belo para mailayo ito sa kanilang mukha ugunit ang ganitong gawa ay walang batayan.

11) Pinapahintulutan na labhan ang Ihram at isuot ito muli, kundi ay palitan nito ng ibang Ihram.

12) Kung sa panahon ng kalagayan ng Ihram, siya ay nakasuot ng tinahing damit, o

tinalukbungan ang kanyang ulo, o gumamit ng pabango dahil sa pagkalimot o kamangmangan, ay walang kabayaran (Fidya) na kailangan sa kanya.

13) Kung siya ay nagsasagawa ng Hajj Attamattu o Umrah ay dapat maghinto sa pagbigkas ng Talbiyyah sa sandali ng pagdating niya sa Ka'bah bago simulan ang kanyang Tawaf.

14) Ang paglalakad ng mabilis at maliliit na hakbang (Arramal) at ang paglalahad ng kanyang kanang balikat ay hindi pinapahintulutan sa oras ng pagsasagawa ng Tawaf maliban lamang sa unang tatlong pag-ikot sa Ka'bah ng Tawaf sa unang pagdating (Tawaf Al-kudom), At ito ay nauukol lamang sa mga lalaki.

15) Kung ang peregrino ay nag-aalinlangan kung ilan ang ikot na kanyang

naisagawa halimbawa tatlo o apat ngunit apat ang kanyang nagawa, ay dapat niya itong bilangin na tatlo, (bilangin ang higit na kakaunti sa dalawang bilang) ang ganitong pamamaraan ay dapat masunod para sa pagsasagawa ng Sa'ey.

16) Walang pagkakamali sa pasasagawa ng Tawaf sa kabila ng Zamzam at puwesto ni Ibrahim kung malaki ang umpukan ng tao, dahil ang buong sagradong Masjid ay lugar na pagsagawaan ng Tawaf.

17) Bilang na kasalanan ang babae na nagsagawa ng Tawaf na ipinakikita niya ang kanyang palamuti, gumagamit ng pabango, o hindi niya tinalukbongan ng maayos ang dapat na talukbongan.

18) Kapag ang babae ay nireregla o nanganak sa pagkatapos niyang pumasok sa kalagayan ng Ihram, ay hindi pinapayagan na

magsagawa ng Tawaf hanggang matapos ang kanyang regla at makapagligo, at makapaglinis.

19) Ang babae ay maaaring magsuot ng kahit anong damit para sa Ihram, hangga't ito ay hindi kahalintulad ng damit panlalaki, hindi nakakahantad ng kanyang mga palamuti, o maging sanhi ng tukso sa mga kalalakihan, at naging damit na hindi nakakaakit.

20) Ang pagpapahayag ng anumang hangarin (Niyyah) para sa mga gawaing pagsamba maliban lamang sa Hajj at Umrah ay isang kabaguhan (*Bida'*) At ang pagbibigkas nito ng malakas ay lalong pagkakamali.

21) Ipinagbabawal sa isang Muslim ng lumampas ng Mikat at hindi pumasok sa kalagayan ng Ihram, kapag siya ay nagsasadya na magsagawa ng Hajj o Umrah.

22) Kapag ang Peregrino ay dumating sa pamamagitan ng panghimpapawid ay dapat pumasok sa kalagayang ng Ihram sa loob ng eroplano kapag dinaraan niya ang katapat ng Mikat sa kanyang daanan, at kailangan siyang maghanda sa kanyang sarili upang pumasok sa kalagayan ng Ihram sa oras ng paglalakbay bago sumakay sa eroplano.

23) Kung siya ay naninirahan sa Makkah, o sa pagitan ng Makkah at mga Mikat, hindi na siya kailangan pumunta pa sa alin mang lugar upang isuot ang kanyang Ihram, Sa ganitong pagkakataon, dapat siyang pumasok sa kalagayan ng Ihram para sa Hajj o Umrah sa lugar ng kanyang tinirahan.

24) Pagkatapos ng Hajj, ang ilan sa mga tao ay pumupunta sa Tana-i'm o Jiranah na magsasagawa muli ng umrah upang paramihin ang bilang ng kanilang mga Umrah. Sa ganitong gawi ay walang saligan sa pagiging

pagkaobligasyon nito.

25) Ang taong nagsasagawa ng Hajj ay muling papasok sa kalagayan ng Ihram sa ikawalo ng Zul-hijja sa lugar na kung saan siya namamalagi sa Makkah, Hindi kailangan sa kanya na isuot ang Ihram mula sa alin mang tiyak na lugar sa loob ng Makkah, at wala rin Tawaf ng pamamaalam para sa paglisan tungo sa Mina.

26) Higit na mabuti ang pagpunta sa Arafah mula sa Mina sa ikasiyam ng Zul-hijja sa pagkatapos ng araw ay sumikat na.

27) Hind pinapahintulutan ang paglisan mula sa Arafah bago lumubog ang araw, kung umalis siya sa paglubog ng araw ay kailangan umalis ng marahan at mahinahon.

28) Pagkatapos ng dumating sa Muzdali-fah ay dapat isagawa ang Salah ng Maghrib

at Isha, maging sa oras ng Maghrib o sa oras ng Isha.

29) Pinapahintulutan na mag-ipon ng mga maliliit na bato para sa pagpukol sa mga Haliging bato mula sa alin mang lugar sa loob ng hangganan ng Sagradong lugar (Al-haram) hindi kinakailang an lamang mula sa Muzdalifah.

30) Hindi itinatagubilin na hugasan ang mga maliliit na bato, dahil ito ay hindi ginawa ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) at ang kanyang mga kasama; Hindi maaaring ipukol ang batong naipukol sa isang mga haligi.

31) Pinapahintulutan ang mga mahihinang babae, bata, at iba pang katulad nila ng magpatuloy patungong Mina sa dakong huli ng gabi.

32) Kapag dumating ang peregrino sa Mina sa araw ng Eid (ikasampo ng Zul- hij- ja) ay dapat huminto ng pagbigkas ng Tal- biyyah, At magpukol ng maliliit na bato nang sunud- sunod, isa-isa sa Jamratul Akabah.

33) Hindi kinakailangan sa pagpukol na mailagay ang mga maliliit na bato sa loob ng haligi, ngunit ang kailangan lamang ang mga ito ay maipukol sa isa sa mga haligi.

34) Ang panahon ng pagsasakripisyo ay nagpapatuloy hanggang sa paglubog ng araw sa ikatlong araw ng pagkaraan ng ikasam- pong araw ng Zul-hijjah (Ayyamutashreek) ayon sa higit na wastong kuro- kuro ng mga pantas.

35) Tawaf Al- ifadah o Aziyarah sa araw ng Eid ay isang makabuluhang bahagi ng Hajj, at hindi mabubuo ang Hajj kung wala

nito. At gayon din pinapahintulutan na ipagpaliban ito hanggang sa dakong huli ng mga araw sa Mina.

36) Ang taong nagsasagawa ng Hajj al-kiran o Hajj al-ifrad ay isang *Sa'ey* lamang ang kinakailangan sa kanya.

37) Higit na mabuti sa peregrino na gawin sunod-sunod ang kanyang mga ritwal sa araw ng pagsasakripisyo, magsimula ng pagpukol sa Jamratul Akabah, pagkatapos noon ay mag-aalay na siya sa kanyang sakripis-yong hayop, pagkatapos ay magpapakalbo o magputol sa kanyang buhok, pagkatapos ay magsagawa ng Tawaf sa Ka'bah, pagkatapos ay magsagawa ng *Sa'ey*. ngunit kung ginawa niya ito sa ibang pagkakasunod- sunod ay pinapayagan pa rin.

38) Ang peregrino ay maaaring bumalik sa ganap na karaniwang kalagayan kung

maisagawa niya ang mga bagay na sumusunod:

- a. Ang pagpukol sa Jamratul Akabah.
- b. Ang pagpapakalbo o pagputol sa kanyang buhok.
- k. Ang Tawaf al-ifadah, kasama ang *Sa'ey*.

39) Kung gusto ng peregrino na paikliin ang kanyang pananatili sa Mina ay dapat lumisan siya bago lumubog ang araw.

40) Sa isang bata na hindi niya kaya ang pagpukol ng maliliit na bato ay dapat isagawa nito ng kanyang tagapag-alaga para sa kanyang kapakanan, sa pagkatapos niyang maipukol ang kanyang mga bato para sa kanyang sarili.

41) Ang isang tao na hindi niya kaya ang pagpukol sa mga haligi dahil sa karamdaman o katandaan o pagbubuntis ay pinapahintulutan ng humirang ng kahalili upang gawin ang pagpukol ng bato sa kanyang kapakanan.

42) Ang kahalili ay dapat ipukol niya muna ang kanyang mga bato para sa kanyang sarili at pagkatapos noon ay hindi na aalis sa lugar na iyon dapat ipukol ang mga bato ng kanyang kahalili para sa kanyang kapakanan, sa bawat isa sa tatlong haligi.

43) Kinakailangan sa peregrino na nagsagawa ng Hajj Attamattu o Hajj Al-kiran, At hindi naninirahan sa Sagradong lugar na maghangdog ng isang kambing o makihati sa ikapitong bahagi ng kamelyo o Baka.

44) Kung hindi kaya ng peregrino ang ganitong paghahandog, ay dapat siyang magayuno ng tatlong araw sa panahon ng Hajj, at

pitong araw sa pagkatapos niyang bumalik sa kanyang tahanan.

45) Higit na mabuti sa peregrino kung mag-ayuno siya ng tatlong araw bago sumapit ang araw ng Arafa, at naging hindi siya nag-aayuno sa Arafa, kung hindi niya ito ginawa ay makapag-aayuno siya sa Ikalabingisa, Labingdalawa, at Labing tatlo ng Zul-hijja (Ayyamutashreek).

46) Pinapahintulutan na mag-ayuno ng tatlong araw maging sunod-dunod o magkahiwalay, at ito ay nauukol din sa pitong araw ng pag-ayuno sa kanyang tahanan.

47) Ang Tawaf ng pamamaalam (Tawaf Al-wida) ay kinakailangan sa bawat isang peregrino maliban lamang sa mga babaing may regla o kapapanganak.

48) Ang pagdalaw sa Masjid ng Propeta

(*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay isang sunnah, kahit gawin ito alin mang sa bago sumapit ng Hajj o sa pagkatapos ng Hajj.

49) Isang sunnah para sa tagadalaw ng Masjid ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ng magsagawa ng dalawang raka't na Salah (Tahiyat al- masjid) sa alin mang lugar sa loob ng Masjid, higit na mabuti kung maisagawa nito sa Rawdah.

50) Ang pagdalaw sa puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) at iba pang mga puntod ay pinapayagan lamang para sa mga lalaki hindi para sa mga babae, ngunit hindi sila naglalakbay para lamang sa ganitong pagdalaw.

51) Ang paghahaplos ng kamay sa mga dingding ng puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) o paghahalik dito, o pag-iikot dito ay isang masamang kabaguhan, na

hindi ginawa ng ating mga matutuwid na ninuno, Higit sa lahat kung sinasadya sa pag-iikot nito upang makalapit kay Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) sapagkat ito ay isangmalaking pag-uukol ng katambal sa Allah (*Shirk*).

52) Isa rin Shirk na hindi pinapahintulutan ang pamamanhik kay Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) para sa katuparan ng isang pangangailangan o pag-papaalis ng kalungkutan.

53) Ang buhay ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) sa kanyang puntod ay nasa kalagayan ng Barzakh, at ito ay hindi katulad ng kanyang buhay dito sa Mundo, ngunit ang katotohanan ng buhay ng Barzakh ay walang nakakaalam bukod kay Allah lamang.

54) Ang ginagawa ng mga tao na tumatayo sa harapan ng puntod ng Propeta

(*Sallallahu Alihi Wasallam*) na itinataas ang kanilang mga kamay, at nagsasagawa ng mga panalangin ay isang kabaguhan (*Bida'h*).

55) Ang pagbisita sa puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay hindi kihakailangan at hindi kundisyon para sa kabuuan ng Hajj, katulad ng paniniwala ng ibang mga tao.

56) Ang mga hadith (salita o gawa ng Propeta) na binabanggit ng ibang tao upang sabihin ang pagbisita sa puntod ng Propeta (*Sallallahu Alihi Wasallam*) ay isang kautosan ay naging kasinungalingan o gatong sangguniang.

**MGA PANALANGIN NA MAAARING
IPANALANGIN SA ARAFAH, SA
MGA BANAL NA LUGAR, AT IBA
PANG LUGAR NA PANALANGINAN.**

O Allah! Humihingi ako sa Iyo ng katapatan at kawastuan sa aking pananampalataya, sa aking buhay, sa aking pamilya, at sa aking mga ari-arian.

O Allah! Takpan Mo ang aking kahihiya, payapain Mo ang aking mga pangamba, bantayan mula sa kung ano ang nasa harapan ko at likuran ko, mula sa kung ano ang nasa kanan ko at kaliwa ko, sa itaas ng aking ulo at ilalim ng aking mga paa.

O Allah! pagkalooban Mo ng kalusugan ang aking katawan, O Allah! pagkalooban Mo ng kagalingan ang aking paningin, walang ibang may-likha maliban sa Iyo.

O Allah! Ikaw ang aking panginoon, wa-
 lang ibang lumikha maliban sa Iyo, Ikaw ang
 aking tagapaglikha, at ako ang Iyong nilikha,
 sinisikap kong tubarin ang aking kasunduan
 sa Iyo, aral mamuhay na maaasa sa Iyong
 pangako hangga't kaya ko. Naghahanap ako
 ng kupihang sa Iyo mula sa aking maaasa-
 mang gawa, tinanggag ko ang Iyong mga tu-
 long sa akin, at inaanin ko ang aking mga ka-
 kasalanan. Patawarin Mo ang aking mga ka-
 salanan. Zapagkat wala ng ibang maaaring
 magpatayad maliban sa Iyo.

O Allah! naghahangad ako ng kapulungan
 sa Iyo mula sa mga alalahanin at kalungk-
 tan, naghahanap ako ng kapulungan sa Iyo
 mula sa aking kapinaan at katawanan, mula
 sa karamutan at kawawagan, at naghahangad
 ako ng kupihang sa Iyo mula sa pamang-
 nang at mula sa bag-asiposta ng mga tao.

O Allah! gawin Mo ang simula ng araw na

ito na mabuti, ang kalagitnaan maunlad, at ang hulihan matagumpay. Humihingi ako sa Iyo na pagkalooban Mo ako ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang buhay, O Pinakamaawain sa lahat ng nagbibigay awa,

O Allah! Hinihingi ko sa Iyo na gawin Mo akong masaya sa kung ano ang inihatol Mo sa akin para sa aking pagbabalik sa matiwasay na buhay pagkatapos ng kamatayan, at masigasig kong hinahangad ang kagalakan ng Iyong maluwalhating-anyo at ng pananabik na makatagpo ko ng walang pagkabahala o dalamhati o nakaliligaw na pagsabok. Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa pang-aabi sa abi o sa pagiging api mula sa paggawa ng masama at pagdaranas kapinsalaan, at mula sa paggawa ng kamalian o kasalanan na alin man ay hindi Mo mapapatawad.

O Allah! Patnubayan Mo ako tungo sa pinakamahusay na gawa at pinakamagandang asal, sapagkat wala ng maaaring pumatnubay tungo sa kabutihan maliban sa Iyo. At iligtas Mo ako mula sa masasamang gawa, sapagkat wala ng makapagliligtas pa mula sa masasamang gawa maliban sa Iyo.

O Allah! Patatagin Mo ang aking paniniwala palawigin Mo ang aking buhay at biyayaan Mo ako sa aking pamumuhay .

O Allah! Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa kapabayaan , hamak na kalagayan at karukhaan , Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa kawalan ng pananampalataya , kasamaan, kapalaluan , at kayabangan, at naghahangad ako sa Iyo ng kanlungan mula sa kawalan ng paningin, kawalan ng pandinig at sa masasamang hangarin at iba pang masasamang karamdaman.

O Allah! Naghahangad ako ng kanungan sa Iyo mula sa mga kaalamang hindi mapapakinabangan, mula sa puso na hindi nanginig, mula sa sariling walang sawa dahil sa mga panalangin na hindi tinanggap.

O Allah! Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa kasamaan ng aking ginawa, at mula sa kasamaan ng hindi ko nalalaman.

O Allah! Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa pagtangi sa Iyong kabutihang loob , mula sa pagbabago sa Iyong pangangalaga, mula sa biglaan Mong pagpaparusa, at lahat ng Iyong pagkagalit .

O Allah! Naghahangad ako sa Iyo mula sa pagkawasak at pagbagsak, mula sa pagkalunod at pagkasunog,at mula sa pagkainutil, Naghahangad ako ng kaalungan sa Iyo mula sa panlilinlang ni Satanas sa aking kamatayan; at naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo

mula sa pagkagat ng makamundong na nilikha, Naghahangad ako ng kanlungan sa Iyo mula sa kasakinan, masasamang ugali at masasamang gawa, masasamang hangarin at masasamang karamdaman.

O Allah! Naghahangad ng ako kanlungan sa Iyo mula sa pagkabaon sa utang, mula sa paghamak ng ibang tao, at mula sa pag-alipusta ng mga kaaway.

O Allah! Palakasin Mo ang aking paniniwala na siyang aking tanggulan, gawin Mo ang daigdig na ito na mabuting lugar para sa aking paglalakbay, at pagkalooban Mo ako ng matiwasay na buhay sa kabilang buhay na siyang aking patutunguhan.

Gawin Mo ang aking buhay na masagawa sa lahat ng kabutihan at ang aking kamatayan na pamamahinga sa lahat ng kabutihan.

O Allah! Alalayan Mo ako at tulungan Mo ako, at huwag Mong payagan ang iba na magapi ako, patnubayan Mo ako at gawin mong mahuli ang pagsunod ko sa pamamatnubay Mong ito.

O Allah! Gawin Mo akong tumatanaw ng utang na loob sa Iyo, nag-aalala sa Iyo, puno ng takot sa Iyo, tapat at masunurin sa Iyo mapagpakumbaba sa Iyo , masigasig sa panalangin , at nagsisisi, Aking panginoon, tanggapin Mo ang aking pagsisisi, hugasan Mo ang aking kasalanan , tugunin Mo ang aking mga panalangin at patatagin Mo ang aking pagkamatapat, patnubayan Mo ang aking puso , gawin Mong mapagtapat ang aking dila , at tanggalin Mo ang mga hinanakit sa aking puso.

O Allah! Humihingi ako ng matibay na isip at katatagan sa pagsunod sa Iyong patnubay. Hinihiling ko sa Iyo na gawim Mo

akong kumikilala sa Iyong kagandahang loob, na makapaglingkod ng mabuti sa Iyo, at pagkalooban Mo ako ng panatag na puso, at mapagtapat na dila. Hinihiling ko sa Iyo na pagkalooban Mo ako ng nalalaman Mo na mabuti at bigyan Mo ako ng kaligtasan mula sa kabuktutan, at patawarin mo ako, Ikaw ang nakakaalam ng hindi nakikita.

O Allah! Bigyan Mo ako ng magandang pag-uugali, at iligtas Mo ako sa kasamaan ng aking pagkamasarili.

O Allah! Hinihiling ko sa Iyo na patnubayan Mo ako sa pagsasagawa ng mararangal na gawain at pag-iwas sa masasamang gawa, at magmahal sa kanila na mapagpakumbaba, at patawarin Mo ako at pagkalooban Mo ako ng awa. At kung naisin Mong subukin ang Iyong mga tagapaglingkod kupupin Mo ako bago ako tuluyang mahulog dito.

O Allah! Hinihiling ko ang Iyong pagmamahal at ang pagmamahal nila na nagmamahal, at ang nauukol na pagmamahal sa bawat kilos o gawa na siyang magdadala sa akin upang mapalapit sa Iyong pagmamahal.

O Allah! Hinihiling ko sa Iyo ang pinakamabuti sa mga kahilingan para sa kagalingan ng aking panalangin, para sa pinakamabusay na tagumpay, at ang pinakamabuting gantimpala.

Palakasin Mo ako, gawin mong masmabigat ang timbang nang aking kabutihan, patotohanan Mo ang aking paniniwala, pataasin Mo ang aking katayuan, tanggapin Mo ang aking mga panalangin, at patawarin Mo ang aking mga pagkakamali, at Hinihiling ko sa Iyo ang pinakamataas na katayuan sa Paraiso, mabuting wakas, ang kabuuan ng kabutihan, mula sa simula hanggan sa huli, mula sa loob at labas, at hinihiling ko sa Iyo ang

pinakamataas na katayuan sa Paraiso.

O Allah! Hinihiling ko sa Iyo na pataasin Mo ang aking karangalan, pagaanin Mo ang aking mga paghihirap, linisin Mo ang aking puso, panatilihin Mo akong malinis ang pamumuhay ko, patawarin Mo ang aking mga kasalanan, at hinihiling ko sa Iyo ang mataas na katayuan sa Paraiso.

O Allah! Humihingi ako ng kanlungan sa Iyo laban sa mga kahirapan, kapahamakan, mga kaguluhan, kaapihan at ang pang-aalipusta ng mga kaaway.

O Allah! Biyayaan Mo ako sa aking paningin, sa aking pandinig, sa aking kaluluwa, sa aking katawan, sa aking pag-uugali, biyayaan Mo ako sa aking buhay, sa aking pamilya, sa aking hanapbuhay; tanggapin Mo ang aking mabubuting gawa, at hinihiling ko sa Iyo ang mataas na katayuan sa Paraiso.

O Allah! O Pumipigil ng mga puso! Panatilihin Mo ang puso ko na matibay sa Iyong pananampalataya, panatlihin Mo itong nakalulugod sa panalangin sa Iyo.

O Allah! Pagkalooban Mo kami ng marami at huwag bawasan, ipagbunyi Mo ako at huwag ilagay sa kahihiyan, ibigay Mo sa amin ang Iyong mga tulong at huwag Mo kaming bawian; piliin Mo kami, at huwag iba ang piliin mo nang higit sa amin.

O Allah! pagkalooban Mo kami ng lubhang takot sa Iyo upang ito mamagitan sa amin, sa mga gawa na may pagsuway sa Iyo, lubhang pagtalima sa Iyo na magdadala sa amin sa Iyong Paraiso. At labis na katiyakan na ang mga kapighutian sa mundong ito ay magiging maluwag para sa amin sa pamamagitan Mo. Hayaan Mong ikalugod namin ang aming pandinig, aming paningin, at mga kakayahan habang pinagkakalooban Mo

kami ng buhay, at sana ay maging ito ang pinakahuli na kunin Mo mula sa amin. Ipaghiganti Mo kami mula sa kanila na puminsala sa amin, at tulungan Mo kami laban sa aming mga kaaway, huwag Mong pahintulutan na mangyari ang anumang kapahamakan sa aming pananampalataya; huwag Mong pahintulutan na mas pahalagahan namin ang mga makamundong gawain na siya naming nalalaman, at huwag sila walang takot sa Iyo at hindi nagbibigay awa ay makapangimbabaw sa amin.

O Allah! Hinihiling ko na ipagkaloob Mo ang awa Mo sa akin, na patawarin ako, at iligtas Mo ako sa bawat kasalanan, na hatian Mo ako ng bawat kabutihan, at ipagkaloob mo ang pagtatamo sa Paraiso at kaligtasan mula sa apoy.

O Allah! huwag Mo kaming iwanan sa kalagayang hindi Mo ginawaran ng

kapatawaran, maging sa mga pagkukulang na hindi Mo kinublihan, maging sa mga pag-iingat na hindi Mo inalis, mula sa mga pangangailangan ng daigdig na ito, o maging sa kabilang buhay, ang katuparan na siyang kapakipakinabang para sa amin at kasiya-siya sa Iyo, na siyang hindi Mo tinupad, O Pinakamaawain sa kanila na nagkakaloob ng awa.

O Allah! Humihingi ako ng awa mula sa Iyo na siyang ipapatnubay Mo sa aking puso, isa-ayos ang lahat kong mga bagay- bagay, pawiin Mo ang aking mga alalahanin, iligtas Mo ako sa mga nakakubli sa akin, gawin Mong nagniningning ang aking mukha, dalisayin Mo ang aking mga gawa, bigyang lakas mo ako sa kaalaman, Ilayo ang mga kaphamakan mula sa akin, at iligtas Mo ako sa lahat ng kabuktutan.

O Allah! Humihingi ako ng tagumpay sa

araw ng paghuhukom, at buhay ng kaligayahan, at sa katayuan ng mga martir, ang nagiging kasama ng mga Propeta (*Sallallahu Alaihi Wasallam*) at pagwawagi sa ibabaw ng mga kalaban.

O Allah! Humihingi ako sa Iyo ng kawastuan ng paniniwala; para sa pananampalataya na nagbibigay daan sa mabuting pag-uugali para sa tagumpay na humahantong sa walang hangganang kaligayahan, para sa pagpapala, kalusugan at kapatawaran mula sa Iyo, at para sa Iyong kagalakan.

O Allah! Humihingi ako para sa kalusugan, kalinisang-budhi, para sa mabuting katangian, at ako ang masiyahan sa aking kabahagi.

O Allah! Naghahanap ako ng kanlungan sa Iyo mula sa kapalaluan ng aking sarili, at mula sa kapalaluan ng bawat nilikha na siya


Mong dinadakmal sa kanilang bumbunan.

O aking Panginoon! Panatilihin Mo ako sa matuwid na landas.

O Allah! Naririnig Mo ang aking mga salita, pinagmamasdan Mo ang aking kalagayan, Batid Mo kung ano ang nasa labas at kaloo-ban ng aking sarili, walang nakatago mula sa Iyo. Ako ay isang malungkot na nangangailangan, mapagpakumbabang humihingi ng Iyong kapatawaran. Ako ang nagsusumamo sa Iyo ng may kababaang loob sa aking puso, nang may pangangatal at pangamba sa pagpapahayag ng kawalang kaya.

O Allah! Pagkalooban Mo ako ng katumpakan ng paniniwala, kabutihan ng katan-gian, kapatawaran ng aking mga kasalanan, at ang Iyong walang hanggang kagalakan sa kabilang buhay.

Sana ang mga biyaya ng Allah ay mapasa kay Muhammad at sa kanyang angkan at mga kasama.



دليل الحاج والمعتمر
وزائر مسجد الرسول ﷺ
باللغة الفلبينية
تقالوق

طبع ونشر
الرئاسة العامة لإدارات البحوث العلمية والإفتاء والدعوة والإرشاد
وكالة الطباعة والترجمة
الرياض - المملكة العربية السعودية
وقف لله تعالى